2021

Mga Panawagan at Tindig

# State of Indigenous Peoples Address



STAND WITH INDIGENOUS PEOPLES

LRC

# Pambungad

Ang State of the Indigenous Peoples Address (SIPA) ay isang pambansang pagtitipun-tipon ng mga katutubo o indigenous peoples (IP) upang ilahad ang kanilang totoong kalagayan at ipinaglalaban, ang kanilang mga isyu at alalahanin, ang kanilang mga pangarap at mga pakikibaka upang mapangalagaan at maitanyag ang kanilang mga karapatan bilang mga tao, gayundin ng kanilang mga komunidad. Kasama ng ilang mga puno at kinatawanan ng mga katutubo, ang SIPA ay inilunsad ng LRC noong 2008 sa lungsod ng Davao.

Noong July 2021, si Pangulong Rodrigo Duterte ay nagbigay ng kanyang panghuling State of the Nation Address (SONA) at doon ay kanyang ipinahayag ang mga napagtagumpayan ng kanyang administrasyon gayundin ang mga programang kanyang bibigyang prayoridad sa nalalabing panahon ng kanyang termino. Kaalinsabay nito, ang SIPA 2021 ay binuo at inilunsad upang pagmuni-munihan at tasahin ang kalagayan nila at ng kanilang mga komunidad sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon at sa gitna ng pandemyang Covid-19 – paano nga ba naapektuhan ang mga IP sa buong bansa ng mga alituntuning ipinatupad ng pamahalaan.

Ang SIPA 2021 ay isang aktibidad na tumagal ng tatlong araw at dinaluhan ng 80 lider at kinatawan ng mga komunidad ng mga IP. Kasama ang mga pinuno at kinatawanan ng mga katutubong Ayta, B'laan, Dulangan Manobo, Dumagat Remontado, Erumanum ne Menuvu, Kirenteken Menuvu, Teduray Lambangian, Taboli Manobo, Tuwali-Ifugao, Higaonon, Subanen, Ibaloi, Tumandok, Tagbanwa at iba pa. Na mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa: Cordillera, Zambales, mga isla ng Palawan at Panay, Bukidnon, Misamis Oriental, North Cotabato, Maguindanao at iba pa.

Sa kabila ng mapanghamong panahon, lalo na sa larangan ng paglalakbay at sa pakikipagtalakayan, naging mabunga at buhay pa rin ang mga usapan na sumaklaw sa mga kasalukuyang isyu tulad ng mga usapin sa kanilang lupang ninuno, mga likas na yaman at sa kanilang kapaligiran. Nanguna ang mga lider at kinatawan ng mga komunidad sa pagbabahagi ng mga kuwento at isyu mula sa karanasan ng kani-kanilang komunidad. Dahil dito, ang SIPA ay naging isang tagpuan kung saan nabuo ang pagkakabuklud-buklod ng mga komunidad mula sa magkakahalintulad nilang mga kwento ng patuloy na pagsusumikap at pakikibaka.

Isang mahalagang bahagi ng SIPA ay ang mga talakayan kung saan nabuo ang mga Panawagan at Tindig (SIPA Calls and Commitments). Ang mga panawagan at tindig ay binubuo ng mga pangunahing isyung ipinaabot sa pamahalaan. Bahagi din nito ang planong sama-samang pagkilos at pagkakabuklod ng mga grupo ng mga IP bilang paghahanda para sa paparating na National Elections sa 2022.

# SIPA 2021 Mga Panawagan at Tindig

## 1 | Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA)

Kilalanin ng Republika ng Pilipinas ang aming mga natatanging karapatan bilang mga katutubo. Sa gayon, dapat:

- Ipatupad ang aming mga karapatan na nakasaad sa IPRA:
  - Karapatan sa Lupaing Ninuno
  - Karapatan sa Sariling Pamamahala at Kapangyarihan
  - Karapatan sa Katutubong Sistema ng Katarungan at Karapatang Pantao
  - Karapatan sa Integridad at Kultura
- Suriin ang IPRA kung ito ay naging matagumpay sa pagtaguyod ng mga karapatan ng mga katutubo dalawampu't-apat na taon matapos ito maipasa bilang batas
- Siyasatin ang pagganap ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa pagpapatupad ng mandato na maglingkod para sa interes ng mga katutubo
- Respetuhin, kilalanin, at bigyang prayoridad ng pamahalaan ang aming karapatan higit sa interes ng mga korporasyon, mga pulitiko, at iba pang grupo na nagnanais kamkamin ang aming lupaing ninuno sa ngalan ng ganansya at kapangyarihan.

## 2 | Lupaing Ninuno

Kilalanin at ipagtanggol ang aming karapatan sa lupaing ninuno. Sa gayon, dapat:

- Pabilisin at hindi harangan ang proseso ng pagrerehistro at paglalabas ng Certificate of Ancestral Domain Title o CADT
  - Bawiin ang 'cease and desist order' o CDO na ipinalabas ng Bangsamoro Parliament sa proseso ng pag dedelineate at paggawad ng Teduray and Lambangian Ancestral Domain Claim o TLADC

- Kilalanin ang ‘native title’ o pagkilala sa aming lupaing ninuno na nakabatay sa aming mga batas na kinaugalian o ‘customary rights’
- Suportahan kami sa paggawa at paglinang ng Ancestral Domains Sustainable Development and Protection Plan o ADSDPP na ma inklusibong partisipasyon ng bawat henerasyon
- Respetuhin at tanggalin ang mga pumipigil sa aming malayang paggalaw, paglabas, at pagpasok sa aming lupaing ninuno
- Bigyan nang sapat na pondo ang NCIP sa pagproseso ng aming CADT at ADSDPP.

## 3 | Pandarambong ng malalaking korporasyon

Depensahan at pangalagaan ang ating kalikasan at labanan ang mga industriyang ekstraktibo na pumapasok sa lupaing ninuno at pumapatay sa kalikasan. Sa gayon, dapat:

- Ihinto ang mapaminsalang malakihang pagmimina na sumisira sa kalikasan at patuloy na nagpapahirap sa buhay namin:
  - Ikansela ang pag-renew ng Financial or Technical Assistance Agreement o FTAA No. 001 sa pagitan ng pamahalaan at OceanaGold sa Brgy. Didipio, Kasibu, Nueva Vizcaya
  - Ikansela ang pag-renew at pag-extend ng FTAA No. 002 sa pagitan ng pamahalaan at Sagittarius Mines, Inc. (SMI) sa Tampakan, South Cotabato
- Ipawalang-bisa ang Executive Order o EO No. 130 na nagbubukas sa pag-apruba ng mga aplikasyon sa pagmimina
- Itigil ang mga plantasyon at pagkamkam sa aming lupaing ninuno na nagiging ugat ng hidwaan, pagkakawatak-watak, at paglabag sa aming mga karapatan
  - Magpataw ng ‘cease and desist order’ o CDO laban sa Integrated Forest Management Agreement o IFMA No. 018, 020 at 022 sa pagitan ng gobyerno at M&S Company
- Huwag pahintulutan ang konstruksyon ng mga dambuhalang dam, kabilang ang Kaliwa sa Sierra Madre at Jalaur at Ilog Pan-ay sa isla ng Panay
- Proteksyunan kaming mga katutubo laban sa mga banta at hamon ng pandemyang COVID-19 at pagbabago ng klima.

## 4 | Sariling Pamamahala

Respetuhin, suportahan, palakasin, at gawing higit na inklusibo ang aming mga tradisyunal na sistema ng pamamahala. Alinsunod dito, dapat:

- Kilalanin at respetuhin ng pamahalaan ang aming Indigenous Political Structures o IPS
- Pabilisin ng Bangsamoro Parliament ang pagtalakay at pagpasa ng Indigenous Peoples' (IP) Code na pormal na kikilala sa IPS bilang plataporma para sa makabuluhang partisipasyon ng mga katutubo sa proseso ng pamamahala ng gobyerno sa BARMM
- Suportahan ng mga local government units (LGU) ang aming pagnanais na bumuo ng Tribal Barangay, sang-ayon sa IPRA
- Magtatag tayong mga katutubo ng Tribal Justice System at dapat kilalanin at respetuhin ito ng ating pamahalaan
- Tiyakin nating mga katutubo ang makabuluhang partisipasyon ng mga kababaihan at kabataan sa mga IPS at sa pagtalaga ng representasyon sa mga lideratong posisyon
- Palakasin nating mga katutubo ang mga organisasyon ng katutubong kababaihan
- Hayaan kaming mga katutubo na pumili nang aming representante sa lahat ng antas ng pagdedesisyon katulad nang pagpili ng IPMR sa aming mga lugar.

## 5 | Kinatawanan sa Pamahalaan

Tiyakin na kaming mga katutubo ang pipili sa mga kinatawan namin sa pamahalaan. Sa gayon, dapat:

- Repasuhin ang batas sa pagpili ng Indigenous Peoples' Mandatory Representative (IPMR) upang matiyak na mga katutubo, at hindi mga pulitiko, ang pipili sa aming mga kinatawan
- Siguraduhin na kaming mga Non-Moro Indigenous Peoples (NMIPs) ang pipili ng aming kinatawan sa Ministry of Indigenous Peoples' Affairs (MIPA) at Bangsamoro Women Committee (BWC) sa ilalim ng pamahalaan ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM)
- Palakasin natin ang pakikilahok ng mga katutubong kakababaihan at kabataan sa demokratikong proseso ng pakikipag-ugnayan sa pamahalaan

- Magkaisa ang mga katutubo sa buong bansa na bumuo ng IP agenda na isusulong sa Halalan 2022
  - Palakasin at palawakin ang ating kaalaman tungkol sa halalan at proseso ng pagboboto
  - Maghanap at pumili ng mga kakandidato sa Halalan 2022 na tunay na magdadala ng boses at hinaing ng mga katutubo at susulong sa pagtatanggol ng kalikasan
  - Suriin ang plataporma ng mga kakandito upang maging basehan sa pagdala sa halalan at siguruhin na mahigpit ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga IPS at katutubong komunidad.

## 6 | Malaya at Paunang may Kaalamang Pahintulot (FPIC)

Kilalanin ang aming kapangyarihan na magpasiya, magbigay ng pahintulot at tumanggi sa mga plano o proyekto na makakaapekto sa aming komunidad at lupaing ninuno. Sa gayon, dapat:

- Isakatuparan ng pribado o pampublikong institusyon, na may balak na magsagawa ng proyekto sa loob ng aming lupaing ninuno, na tuparin ang tama at tunay na proseso ng FPIC
- Isama kaming mga katutubo sa mga proseso ng pagpapasiya at pagpaplano ng mga proyekto na itatatag sa loob ng aming lupaing ninuno.

## 7 | Kaunlaran at Kabuhayan

Magsulong ng mga proyekto, programa, at patakarang pangkabuhayan na umaayon sa aming sariling pagpapasya. Sa gayon, dapat:

- Gawing angkop ang mga proyektong ipinatutupad at ipapatupad ng ating pamahalaan ayon sa aming sitwasyon, pangangailangan, at kultura
- Tiyaking may konsultasyon sa amin bago, habang at pagkatapos ilunsad ng mga programang pangkabuhayan upang ito ay umayon sa tunay na katayuan at kalagayan naming mga katutubo
- Magbigay ng suporta para sa mga maliliit na magsasaka upang matiyak na sapat ang pagkain para sa katutubong pamayanan
- Magpaabot ng ayuda para sa mga maliliit na magsasaka na nasalanta ng mga peste at kalamidad
- Ipatupad ng ating pamahalaan ang suportang pangkabuhayan, kabilang ang ayuda sa pagtugon sa pandemya, na makakatulong sa paglinang ng aming lupaing ninuno.

## 8 | Edukasyon at Serbisyong Panlipunan

Tanggalin ang mga hadlang sa pagkakaroon ng de kalidad na edukasyon at serbisyong panlipunan na angkop sa aming sitwasyon, pangangailangan, at kultura. Sa gayon, dapat:

- Tiyakin natin na maituro sa mga kabataan katutubo ang ang ating kasaysayan at maipasa sa kanila ang ating Indigenous knowledge, systems, and practices o IKSPs
- Kilalanin at itaguyod ang karapatan ng mga katutubong kababaihan at kanilang malaking papel sa ating lipunan
- Tiyakin na matugunan ang pangangailangan sa edukasyon ng mga kabataang katutubo na naantala sa panahon ng pandemya
  - Siguraduhin na mapapadali ang pag-enrol ng mga kabataang katutubo upang maipagpatuloy sa pag-aaral
  - Tiyakin na akma at 'accessible' ang pagsasagawa ng 'blended learning' sa konteksto ng mga kabataang katutubo, lalo na sa mga nakatira sa malalayong lugar.

## 9 | Red-tagging, Pandarahas at Pagpatay sa mga Katutubo

Itigil ang sistematikong pagpatay at pandarahas sa aming mga katutubo na lumalaban para sa aming mga karapatan. Dapat mabigyan nang katarungan ang lahat ng naging biktima ng paninikil ng estado at mga korporasyon. Sa gayon, dapat:

- Itigil ng pamahalaan ang militarisasyon sa aming mga komunidad na lumalaban sa mga mapanirang proyekto ng pamahalaan at mga korporasyon
- Itigil ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict o NTF-ELCAC, Anti-Terror Council, at ng pamahalaan ang red-tagging at terror-tagging sa mga katutubo
- Panagutin ang mga sangkot sa pagpatay sa kapwa naming katutubo dala ng kanilang paglaban para sa kanilang karapatan at lupaing ninuno
- Panagutin ang mga awtoridad na pumaslang sa siyam na magsasakang Tumandok sa isla ng Panay noong Disyembre 2020.

## 10 | Kaligtasan at Kapayapaan

Panatilihin ang kapayaan sa aming komunidad at tiyakin ang aming kaligtasan sa loob ng aming lupaing ninuno. Sa gayon, dapat:

- Tupdin ng pamahalaan ang tungkulin na tiyaking ligtas at nasa maayos na kapakanan ang mga sibilyan
- Kilalanin ng pamahalaan ang mga kasunduang pangkapayapaan na nakabatay sa kasaysayan ng aming mga komunidad
- Isali at bigyan kami ng representasyon sa prosesong pangkapayapaan at 'peace process' kung saan makakaapekto ang mga kasunduan sa aming kapakanan bilang mga katutubo at sa aming lupaing ninuno
    - Konsultahin kaming mga katutubo sa bawat yugto ng prosesong pangkapayapaan
    - Magkaroon ng representasyon ang NMIP sa Intergovernmental Relation Body (IGRB) at iba pang mekanismo sa prosesong pangkapayapaan ng pamahalaan sa MILF
    - Himukin na siyasatin ng pamahalaan at Moro Islamic Liberation Front (MILF) ang patuloy na pagsasapi sa Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIAF) ng mga katutubo o Non-Moro Indigenous Peoples (NMIP)
- Tiyakin ng ating pamahalaan na kilalanin ang partikular na mga pangangailangan ng kababaihan at kabataan sa panahon ng paglikas sanhi ng kaguluhan o sakuna.

## 11 | Katarungan

Palakasin ang aming kakayahan na makamit ang katarungan o 'access to justice' sa ilalim ng batas ng ating pamahalaan. Sa gayon, dapat:

- Palakasin at palawakin nating mga katutubo ang ating mga kaalaman sa mga batas at mekanismo upang maitaguyod natin ang ating mga karapatan
- Suportahan kami ng ating pamahalaan at ng mga iba't ibang grupo at sektor sa paggamit ng mga mekanismo at rekursong ligal na mayroon sa ating batas upang makatulong sa pagkamit ng katarungan.

# 12 | Pagkakaisa at Pakikibaka

Ipagpatuloy ang paghahabi at pagbubuklod ng ating pagkakaisa at pakikibaka kasama ang iba't ibang grupo, sektor, at katawhan. Sa gayon, dapat:

- Pag-ibayuhin ang pagkilala ng kalakasan at kontribusyon ng katutubong kababaihan sa pagtataguyod ng karapatan ng kabuuang katutubong mamamayan
- Hindi tumigil sa paglaban sa kabila ng mga hamong dala ng pandemyang COVID-19, at ng mga mabibigat na pasaning dulot nito sa kabataan at kababaihan
- Patuloy na magbigay lakas sa bawat isa sa pamamagitan ng pagtutuklas at pag-uunawa sa pagkakatulad ng ating mga karanasan at sa patuloy na pag-oorganisa sa pamayanan
- Manatiling matatag at puno ng pag-asa sa pagtutulak ng ating mga hangad tungo sa darating na eleksyon sa 2022 at lampas pa rito.

Karagdagang tulong mula sa mga sumusunod na suportang grupo:
Mindanao Peoples' Peace Movement
Samdhana Institute
Lilak Purple Action for Indigenous Women's Rights
Legal Rights and Natural Resources Center-Friends of the Earth

Karagdagang salin mula kina Joolia Demigillo, Galil Castillo at Bianca Martinez (Focus on the Global South), at Madeline Landicho (UP Department of Anthropology)
Larawan ay kinunan ni JM Ferraris

State of Indigenous Peoples Address 2021



Legal Rights and Natural Resources Center -
Friends of the Earth Philippines
lrcksk.org | lrckskfoeph@gmail.com
Facebook and Twitter: @lrcfoeph

STAND WITH INDIGENOUS PEOPLES